# Regulatory
SERVICES

## Ano ang sistema ng DSWD sa pagsasaayos ng Social Welfare and Development Agencies (SWDAs)?



Naglabas ang DSWD ng Memorandum Circular Blg. 17 series of 2018, na may titulong "Revised Guidelines Governing the Registration, Licensing of of Social Welfare and Development (SWD) Agencies and Accreditation of SWD Programs and Services", na nagtatatag ng mga kinakailangan, pamamaraan, at patakaran ng DSWD sa pagpaparehistro, paglilisensya ng mga SWDA at ang akredistasyon ng mga programa at serbisyong kagalingan at pagpapaunlad.

Regulatory
SERVICES



# Ano ang SWDA?

**Ang Social Welfare and Development Agency (SWDA)** ay tumutukoy sa isang non-stock at non-profit na korporasyon, organisasyon, o asosasyon na nagpapatupad o nagnanais na magpatupad ng mga programa at serbisyo para sa social welfare na may kapasidad na magpatakbo sa aspetong administratibo, teknikal, at pinansyal. Ang mga kliyente nito ay ang mahihirap at bulnerableng indibidwal, grupo, pamilya, at komunidad.

# Regulatory

SERVICES



## Ang regulasyon ng SWDA ay ginagawa sa pamamagitan ng mga sumusunod:

**Registration** ay ang proseso ng pagsusuri sa aplikanteng organisasyon upang matukoy kung ang layunin nito ay nasa saklaw ng kagalingang panlipunan at pagpapaunlad.

**Licensing** ay tumutukoy sa proseso ng pagsusuri ng mga kwalipikasyon at pagpapahintulot sa isang rehistradong SWDA na mamahala bilang isang Social Work Agency (SWA) o bilang isang Auxiliary SWDA.

**Accreditation** ay tumutukoy sa proseso ng pagususri sa mga lisensyadong SWA kung ang kanilang mga programa at serbisyong ukol sa SWD ay sumusunod sa mga itinakdang pamantayan ng DSWD.

# Regulatory

SERVICES

## Bakit kailangang magparehistro, magpalisensya, at magpa-accredit ang SWDA?

- Pagsunod sa batas (RA 4373 na inamyendahan ng RA 10847)
- Pahintulutan o lehitimong pagkilala sa organisasyon
- Kilalanin ang mahalagang kontribusyon ng mga SWDA
- Tiyakin ang kalidad ng mga programa at serbisyo
- Palakasin ang kooperasyon at magtatag ng samahan sa pagitan ng mga SWDA



# Regulatory
SERVICES

## Anu-ano ang mga kinakailangan para sa pagpaparehistro ng SWDA?

- Duly accomplished at **notarized** Application form
- Kopya ng Certificate of SEC Registration at pinakabagong kopya ng Articles of Incorporation and By-Laws
- Kopya ng alinman sa mga sumusunod:
  - Handbook or Manual of Operation
  - Brochure
  - Duly signed Work and Financial Plan ng dalawang (2) taon
- Opisyal na resibo ng binayarang Php 1,000 bilang processing fee

*Maaaring i-download ang editable forms dito:* https://tinyurl.com/SB-RLAForms

# Regulatory
SERVICES

## Sinu-sino ang mga sakop ng Registration, Licensing, at Accreditation?



### Registration
Lahat ng pribadong SWDA na nagnanais na makisali o nakikibahagi na sa mga aktibidad ukol sa kagalingang panlipunan at pagpapaunlad.

### Licensing
Lahat ng rehistradong pribadong SWDA

### Accreditation
Lahat ng pampubliko at pribadong Social Work Agencies (SWAs)

DSWD
Department of Social Welfare and Development
Maagap at Mapagkalingang Serbisyo!
#BawatBuhayMahalagaSaDSWD
www.dswd.gov.ph
dswdserves

# Regulatory
SERVICES

## Mga Benepisyo ng Lisensyadong SWDA

- Maging miyembro ng Area Based Standards Network (ABSNet)
- Pakikilahok sa DSWD capacity building at mga aktibidad ng pagpapahusay ng kasanayan
- Pag-endorso para sa duty exempt importation ng mga donasyon ng dayuhan
- ...at higit pang mga benepisyo, insentibo, at pagkilala na itinuturing na angkop ng DSWD

# Regulatory

SERVICES

## Kailan dapat magparehistro, magpalisensya, at magpa-accredit ang SWDA?

### REGISTRATION

**sa loob ng anim (6) na buwan** mula sa pagpaparehistro sa SEC.

### LICENSING

- ***New applicant-*** *sa loob ng isang taon mula sa DSWD Registration.*
- *Para sa* ***renewal applicants****, dapat mag-apply sa* ***loob ng 90 working days*** *bago mag-expire ang kanilang License to Operate.*
- *Para sa mga* ***SWDA na nagpapatupad*** *na ng kanilang programa, dapat silang ma-apply para sa Registration at Licensing ng sabay.*

### ACCREDITATION

- ***New applicant- sa loob ng 3 taong*** *validity period ng Lisensya.*
- ***Ang mga aplikante na magrerenew*** *(pampubliko o pribadong SWDA) ay maaring mag-apply sa loob ng* ***90 working days*** *bago mag-expire ang kanilang Accreditation Certifcate.*



# Regulatory
SERVICES

## Saan mag-aapply para sa Registration, Licensing, at Accreditation?

*Ang aplikanteng SWDA ay dapat magsumite ng kumpletong dokumento at application forms sa mga sumusunod na opisina:*

***Registration and License to Operate***

- *Sa DSWD Field Office na kinabibilangan ng lugar kung saan ipinatutupad ang programa.*
- *Sa DSWD Standards Bureau Office, kung ang programa ay ipinatutupad sa higit sa isang rehiyon.*

***Accreditation***

- Sa DSWD Standards Bureau



# Regulatory

SERVICES

Para sa karagdagang impormasyon at tulong teknikal, mangyaring bisitahin ang pinakamalapit na opisina ng DSWD sa inyong rehiyon o bisitahin ang DSWD Official social media accounts at website.

I-scan lamang ang QR Code para sa karagdagang impormasyon ng DSWD Field Offices.

## STANDARDS BUREAU

DSWD Building, Constitution Hills,
Batasan Complex, Quezon City, PH 1126
Phone: (632) 8951-7125/ 8355-2843
sb@dswd.gov.ph



# Regulatory
SERVICES

## Alam mo ba

...na dapat magparehistro at magpalisensya ang mga ahensya o orgnisasyong nagpapatupad ng kagalingang panlipunan at pagpapaunlad?



Ayon sa Batas Republika Bldg. 4373 (Art. IV Sec.23) na inamyendahan ng Batas Republika Bldg. 10847 na ..

*"Ang mga ahensyang may kaugnayan sa social work ay dapat munang magparehistro, magpalisensya, at magpa-accredit sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) bago pahintulutan magsagawa ng mga programa, proyekto, at aktibidad ukol sa social welfare."*

DSWD
Department of Social Welfare and Development

Maagap at Mapagkalingang Serbisyo!

#BawatBuhayMahalagaSaDSWD

www.dswd.gov.ph

dswdserves

# Regulatory

SERVICES

**Alam mo ba**

...ang akreditasyon ay isinasagawa lamang para sa mga lisensyadong pribadong SWDA at pampublikong SWDA.



**Ang lahat ng pribadong ahensya na may Certificate of License to Operate mula sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) at mayroong social welfare programs na ipinapatupad ay dapat mag-apply para sa accreditation ng kanilang mga programa. Kasama na rin dito ang mga center na nasa pamamahala ng mga pambansa at lokal na pamahalaan. Ito ay upang masiguro na ang kanilang mga programa ay sumusunod sa mga mandato at itinakdang pamantayan.**

# Regulatory
## SERVICES

**Alam mo ba**

...na may mga kaaya-ayang insentibong matatanggap ang isang SWDA kung ang kanilang programa ay accredited ng DSWD?



Maliban sa mga benepisyo at insentibong matatanggap bilang isang lisensyadong SWDA, ay maaari rin makatanggap ng mga sumusunod:

- Pinansyal na subsidiya para sa pagpapatupad ng programa na napapailalim sa pagkakaroon ng pondo at pagsunod sa iba pang mga alituntunin at kinakailangan ng DSWD;
- Rekomendasyon para sa hindi bababa sa 50% na diskwento sa mga service utilities na napapailalim sa pagsunod sa DSWD at utility service providers (para sa residential at non-residential private SWAs na tumutugon sa mga senior citizen).
- Plaka ng pagkilala

... at mga karagdagan pang insentibo habang ang accreditation ay tumataas ng level.